

WORD

Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako ang pagkain na nagbibigay-buhay. Ang sinumang lumalapit at sumasampalataya sa akin ay hindi na magugutom o mauuhaw kailanman."

JUAN 6:35

(Basahin din ang **JUAN 6:1-14; 27-34.**)

Sa Juan 6, may isang malaking pangkat ng tao na nagsama-sama upang marinig ang pangaral ni Jesus, at walang sapat na pagkain para sa kanila. Sa isa pang himala, na kilala bilang pang-apat na katibayan na si Jesus ay Diyos, nagbigay Siya ng pagkain para sa kanila sa pamamagitan ng pagpaparami ng tinapay at isda na ibinigay sa Kanya (Juan 6:11). Gayon pa man, ang pangyayaring ito ay higit pa sa himalang ginawa ni Jesus. Ang sumusunod ay tatlong aral na maaari nating mapulot: ang Kanyang katapatan sa nakaraan, ang Kanyang paglalaan sa kasalukuyan, at ang Kanyang pangakong pang walang-hanggan.

1 Ang Katapatan ng Diyos sa Nakaraan

"Ang ating mga ninuno ay kumain ng manna noong nasa ilang sila. Sapagkat ayon sa Kasulatan, binigyan sila ni Moises ng tinapay na mula sa langit." **JUAN 6:31**

Ang pagpapakain sa limang-libong tao ay isang paalala ng katapatan ng Diyos sa nakaraan, na lalong nakita sa pagbibigay Niya ng manna. Ibinigay ng Diyos ang pangangailangan ng Kanyang mga mamamayan at iniligtas Niya sila mula sa Ehipto. Ibinigay Niya ang kailangan nilang pagkain sa disyerto sa loob ng apatnapung taon (Exodus 16:15) Ang himalang pagpapakain sa limang-libong tao na ginawa ni Jesus ay patunay ng Kanyang katapatan. Paano pinatunayan ng paglalaan ng Diyos para sa iyo ang Kanyang katapatan?

.....

.....

2 Ang Paglalaan ng Diyos sa Kasalukuyan

³²Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sinasabi ko sa inyo ang totoo, hindi si Moises ang nagbigay sa mga ninuno ninyo ng tinapay na mula sa langit, kundi ang aking Ama. Siya ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay mula sa langit. ³³Sapagkat ang tinapay na ibinibigay ng Diyos ay walang iba kundi siya na bumaba mula sa langit at nagbibigay-buhay samga tao sa mundo." **JUAN 6:32,33**

(Basahin din ang **JUAN 6:11**.)

Sa pamamagitan ng pagpapakain sa limang-libong tao, ginawa ni Jesus ang hindi kayang gawin ninuman. Kinuha Niya ang kaunting ibinigay sa Kanya at pinarami ito para sa lahat, upang mabusog silang lahat sa Kanyang ibinigay. Kaya Niya itong gawin dahil Siya ang Diyos, at may kapangyarihan Siyang baguhin ang isang hindi magandang sitwasyon. Ano ang naging tugon ng mga tao sa Kanyang himala? (Juan 6:14)

3 Ang Pangako ng Diyos sa Walang-Hanggan

Sinabi ni Jesus sa kanila, "Ako ang pagkain na nagbibigay-buhay. Ang sinumang lumalapit at sumasampalataya sa akin ay hindi na magugutom o mauuhaw kailanman." **JUAN 6:35**

Higit pa sa pagbibigay ng probisyon para sa ating mga pangangailangan, Siya lamang ang tanging makapagpapasagana at makapagpapasaya sa atin. Ang mga bagay na pisikal ay mahalaga, at kailangan natin sila, subalit kailangan nating tumingin kay Cristo at hindi sa maibibigay ng mundo. Ang bawat isa sa atin ay maaaring magkaroon ng habang-buhay na kasiyahan at kasaganaan kung tayo ay may relasyon sa Kanya. Ano ang ipinangako sa atin ni Jesus ngayon? (Juan 10:10)

APPLICATION

- Paano nagbigay ang Diyos ng probisyon para sa iyo? Magtala ng limang bagay na ibinigay Niya at ibahagi kung paano ka nagpapasalamat sa Kanyang katapatan at probisyon.
- Naniniwala ka ba na maibibigay ng Diyos ang mga pangangailangan mo? Paano mo mas mapalalalim ang iyong pananalig at pagtitiwala sa Kanya simula ngayong araw na ito?
- Maglaan ng panahon upang ibahagi ang Kanyang kabutihan sa mga tao sa paligid mo.

PRAYER

- Alalahanin at pasalamatan ang Diyos sa Kanyang katapatan sa iyong buhay. Asahan ang marami pang himala na ipapakita Niya sa iyo ngayong taon.
- Manalangin para sa probisyon, para maging pagpapala ka rin sa iba.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pang-unawa at pagpapahalaga sa mga ginagawa Niya sa buhay mo. Mangakong ibabahagi mo ang Kanyang kabutihan sa mga tao na nakapaligid sa iyo.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph